

Dr. Caritas
Adaptasyon ng “The Love Doctor” ni Moliere
Vlad Gonzales

Prologo

Halakhak, Tugtog, Indayog

HALAKLAK

Hayo’t itigil ang ating walang kuwentang pagtatalo! Huwag na nating pag-awayin ang talento ng bawat isa. At para sa mas maluwalhating luwalhati’y ikarantal ang ating mga sarili ngayon. Kumatha tayong tatlo nang may rubdob na walang kapantay. Upang paligayahin ang pinakamahasay na panginoon sa buong mundo.

ANG TATLO, SABAY-SABAY

Magsanib tayong tatlo nang may rubdob na walang kapantay. Upang paligayahin ang pinakamahasay na panginoon sa buong mundo.

HALAKHAK

Mula sa kanyang mga gawaing mas malawak sa kayang arukin. Minsan siya’y nakikihalubilo sa atin.

May mas maluwalhati pa bang kaluwalhatian?

May mas tatamis pa bang kaligayahan?

ANG TATLO, SABAY-SABAY

Magsanib tayong tatlo nang may rubdob na walang kapantay. Upang paligayahin ang pinakamahasay na panginoon sa buong mundo.

UNANG YUGTO

EDUARDO

Ay—kakatwang nilalang talaga ang buhay at kayang-kaya ko nang sabihing tulad ng isang matandang paham na ang sinumang may pera ay may mga problema, at ang isang kamalasan ay hindi dumarating nang walang kasunod! Iisa lang ang naging asawa ko—namatay pa.

MR. PANGILINAN

At ilan ba ang gusto mong asawahin?

EDUARDO

Namatay siya, ‘panyero. Masakit ang kawalang iyon para sa akin, at hindi ko ito mabalikan nang hindi naiiyak. Hindi ako masyadong masaya sa kanyang ugali—at madalas nga kaming makipagtalo sa bawat isa, pero kahit ganoon, ibinabalik ng kamatayan sa tama ang lahat. Patay na siya; lumuluha ako para sa kanya. Kung nabubuhay pa siya, mag-aaway kami. Sa lahat ng anak na ibinigay ng langit sa akin,

itinira lang nito sa akin ang isang anak na babae, at ang anak na babaeng ito ang tangi kong pinoproblema pagkat nasisilayan ko siya sa pinakakalunos-lunos na pighati sa buong mundo, sa isang karima-rimarim na kalungkutang ni hindi ko alam ang sanhi at tila walang paraan upang hiklatin siya mula rito. Ako naman, nawawalan na ng katinuan at kailangan ko ng mainam na payo sa usaping ito.

(kay Ayala) Ikaw na pamangkin ko.

(kay Villegas) Ikaw na kapitbahay ko.

(kay Mr. Pangilinan at Mr. Sy) At kayo, mga katoto, mga kaibigan—nagmamakaawa akong payuhan ako sa lahat ng dapat kong gawin.

MR. SY

Sa akin, ang tindig ko'y alahas at magagarang abubot ang mga bagay na nagpapakilig sa kababaihan—at kung ako ikaw, ibibili ko nito ang anak mo, ngayon mismo isang palamuting diyamante, o ruby o esmeralda.

MR. PANGILINAN

At ako, kung ako ang nasa posisyon mo, bibili ako ng isang napakagarang traje na gawa sa abaca, o painting ng inyong mga taniman na isasabit sa kanyang kuwarto para manumbalik ang liwanag ng puso at ningning sa mga mata!

VILLEGAS

Para sa akin, hindi na ako pupunta sa ganoon—ipapakasal ko na siya agad-agad sa pinakamabilis na paraang kaya ko—kasama ang taong nakilala niya dati, ang binatang anak ng kalaro mo sa sabong, baka ito na ang oras.

AYALA

Ako naman, ang tindig ko'y hindi nababagay ipakasal ang anak mo. Maputla siya't nangangayayat at magiging puwersado kung ipadala siya sa kabilang mundo sa pagpapakilala sa kanyang may ganoong kalagayan—sa pagkakaroon ng mga anak. Hindi para sa kanya ang mundong iyon—at ipinapayo kong ilagay siya sa isang monasteryo—kung saan makakahanap siya ng mga panlibang na nababagay sa kanyang disposisyon.

EDUARDO

Lahat ng mungkahing ito'y siguradong kahanga-hanga ngunit sa tingin ko'y may malisya na ito't sa tingin ko'y pinapayuhan lang ninyo ako para sa ikabubuti ninyo. Ikaw ay may negosyo, G. Sy, at napaghahalataang ang payo mo'y payo ng isang taong gustong mabawasan ang kanyang mga paninda.

Nagbebenta ka ng mga tela't likhang-sining, G. Pangilinan, at taglay ng itsura mo ang pagkakaroon ng pasaning gusto mong ilipat sa iba. Ang taong iniibig mo, mahal kong pinsan, ay siya namang nababalitang may pagtatangi sa aking anak, kaya mas nanaisin mong makasal ang anak ko sa iba. At ikaw naman, aking pamangkin, hindi ko plano ang ikasal ang anak ko sa kung kanino lang—at may mga pansarili akong dahilan para doon—ngunit ang mungkahing ibinigay mo na gawing pari ang anak ko ay dalamhati ng isang babaeng buong loob na dumadalanging maging tangi kong tagapagmana. Kaya

naman, mga ginoo't binibini, kahit pa ang payo ninyo ang pinakamainam sa buong mundo—maunawaan ninyo sana, kung inyong pahintulutan, kung bakit hindi ko ito susundin.

(Aalis ang lahat maliban kay Eduardo.)

EDUARDO

At nag-alisan ang aking mga mabunying tagapayo.

(Papasok si Kristiana)

EDUARDO

A, hayun ang aking anak na nagpapahangin—hindi niya ako napansin. Siya'y nagbubuntung-hininga—ang mga mata niya'y iniaangat sa kalangitan.

(kay Kristiana) Alagaan ka nawa ng Diyos! Buenas, mahal kong anak. Kamusta? Ano'ng atin? Ayos ka lang ba? Ay, palagi ka na lang nalulugkot at namimighating katulad nito—at ayaw mong sabihin kung ano ang dahilan--? Sige na—ibukas mo ang munti mong puso sa akin. Ayan, aking munting sinta, halika. Ayan, aking munting sinta sabihin mo, sabihin ang lahat ng mga munting kumukutkot sa isip—sa iyong abang ama—mutya. Lakasan mo ang loob! Kailangan pa bang amuhin kita? Sige na naman!

(aside) Namumuhi akong makita siyang ganito.

(kay Kristiana) Sige na, kausapin mo na ako—gusto mo bang mamatay ako sa pagkasuklam—hindi ko ba pwedeng malaman kung saan nagmumula itong matinding pananahimik? Sabihin mo dahil ipinapangako kong gagawin ko ang lahat para sa iyo—oo pangako, kailangan mo lang sabihin ang sanhi ng iyong lumbay; sinisiguro ko sa iyo dito mismo, at ipinapangako ko sa iyo, na wala akong hindi gagawin para lang mapanatag ka—basta sabihin mo lang—nagseselos ka ba sa mga amiga mong sa tingin mo'y mas maporma kesa sa iyo? May bagong materyal ba ng telang gusto mong pagtahian ng bagong kasuotan? Hindi. Hindi pa ba sapat ang karangyaan ng silid mo at nais mong magdagdag ng aparador na mula sa ating suki sa Paris? Hindi rin siguro—may gusto ka bang araling instrumento, gusto mo bang hanapan kita ng maestrang magtuturo kung paano patugtugin ang biyulin? Hindi rin. May napupusuan ka ba at nais mong magpakasal?

(Tatango si Kristiana, papasok si Delilah)

DELILAH

Ayan po, ginoo—nagkausap na kayo ng inyong anak—nahulaan na ba ninyo ang sanhi ng kanyang pighati?

EDUARDO

Ay hindi! Isa lamang siyang puta na nagpapagigil sa akin!

DELILAH

Sige po, ginoo—ako na lang po—susuyuin ko na lang siya nang kaunti.

EDUARDO

Hindi na kailangan—at dahil gusto pa niyang suyu-suyuin siya, sa palagay ko’y dapat lang siyang maiwanan diyan—

DELILAH

Ako na po ang susubok, sige na po. Baka mas malaya siyang magbukas sa akin kesa sa inyo. Naku, senyora—ayaw ninyong sabihin kung ano’ng problema ninyo—gusto ba ninyong madamay kaming lahat sa lungkot ninyo? Sa akin po ay hindi naman basta-basta gumaganyan ang isang tao—at kung nag-aalinlangan kayong magpaliwanag sa ama ninyo, siguro naman ay wala kayong kahit anong alinlangang magbukas ng damdamin sa akin. Sige na po—may gusto ba kayong makuha sa kanya? Maraming beses na niyang sinabing gagawin niya ang lahat para mapaligaya kayo. Hindi ba niya naibibigay ang kalayaang gusto ninyo? At ang lahat ng regalo’t palamuti sa inyong mga dingding—hindi ba nila nahuhuli ang ligaya ng inyong kaluluwa? Ano po ba? Nakatanggap ba kayo ng insulto kung kanino man? Kailan po? Hindi po ba may lihim kayong itinatangi at nais ninyong ipakasal kayo doon ng tatay ninyo? Ay, naiintindihan ko na kayo, iyon na nga! Iyon lang naman pala! Bakit napakarami pang paliguy-ligoy? Ginoo, nalutas na po ang palaisipan at—

EDUARDO

Anak kong walang utang na loob—ayaw na kitang kausapin kahit kailan at iiwanan kita kasama ng mga paghihimutok mo—

KRISTIANA

Ama, dahil gusto mo talagang sabihin ko itong nais—

EDUARDO

Oo nga, wala na talaga ang pakikitungong dating mayroon ako para sa iyo.

DELILAH

Ginoo, ang kanyang kalungkutan—

EDUARDO

Isa siyang putang nais lang akong mamatay—

KRISTIANA

Ama, ang gusto ko lang naman talaga—

EDUARDO

Ito pa ang pabuyang makukuha ko sa pagpapalaki sa iyo sa paraang ginawa ko—

DELILAH

Pero ginoo—

EDUARDO
Hindi—ayoko na sa kanya't nanggigigil na ako!

KRISTIANA
Pero ama—

EDUARDO
Wala na akong anumang amor para sa iyo

DELILAH
Pero—

EDUARDO
Isa siyang haliparot

KRISTIANA
Pero—

EDUARDO
Ingrata—

DELILAH
Ngunit—

EDUARDO
Isang putang ayaw magsabi sa akin kung ano ang problema niya.

DELILAH
Gusto niyang magkaasawa.

EDUARDO
(nagkukunwaring hindi naunawaan) Sinusukuan ko na siya—

DELILAH
Isang asawa.

EDUARDO
Nasusuklam ako sa kanya—

DELILAH
Asawa.

EDUARDO
At itinatakwil ko na siya bilang anak ko.

DELILAH

Asawa.

EDUARDO

Ni huwag mo na siyang mabanggit-banggit sa akin. (aalis)

DELILAH

Asawa, asawa, asawa.

DELILAH

Ang sabi nila, wala nang mas bibingi pa sa kanilang ayaw making.

KRISTIANA

Ay, Delilah—Nagkamali ako sa pagtago ng aking kalungkutan—at kinailangan ko lang sabihin sa ama ko kung ano ang gusto ko. Nakita mo naman.

DELILAH

Isinusumpa ko—isa siyang kasuklam-suklam na tao—at inaamin kong lubos akong matutuwa kung mapaglalaruan ko siya—pero bakit ngayon lang lumabas, senyora, itong sakit na itinago mo sa akin?

KRISTIANA

Ay! Ano pa ba ang silbi kung nalaman mo ito nang mas maaga? At hindi ba naging mas mainam kung itinago ko ito habambuhay? Iniisip mo bang hindi ko natanaw itong nakikita mo ngayon, na hindi ko nasisid ang lahat ng niloloob ng ama ko—at ang pagtanggap ibinigay doon sa kaibigang nagtanong para sa akin ay hindi lumunod sa lahat ng pag-asang nasa puso ko?

DELILAH

Aba! Siya ang estrangherong naghahanap sa iyo.

KRISTIANA

Siguro’y hindi nga tama sa isang babae ang ipaliwanag ang sarili niya nang ganito kabukas, pero ikinukumpisal ko pa rin sa iyo na kung pahihintulutan akong magnasa sa kung anuman—ito ang aking ninanais. Wala pa kaming pag-uusap na magkasama—at hindi pa namutawi sa kanyang bibig ang rubdob na taglay niya para sa akin—ngunit sa lahat ng lugar na maaari niya akong makita—sa taniman, habang namamasyal sa hacienda, o sa pamilihan kapag tumatakas ako sa tanaw ni amang abala sa paniningil ng renta—ang kanyang tingin at kilos ay laging nangungusap nang may kabutihan at ang halina niya sa akin ay tila nagmumula sa isang tapat na lalaki kaya di mapigilan ng puso kong unawain ang kanyang pagsinta—at anong tigas ng aking ama’t pinawi ang lahat ng kabutihang ito.

DELILAH

Hayaan mo—ako na ang kikilos. Anumang hinanakit mayroon ako tungkol sa paglilihim mo sa akin, Hindi ko nais ipagpaliban ang pagtulong sa iyong kuwento ng pag-ibig—at dahil na rin sa lakas ng iyong loob—

KRISTIANA

Pero ano nga ba ang inaasahan mong gagawin ko laban sa utos ng ama? At kung kahit mga dasal ko'y di siya mabali?

DELILAH

Hayaan mo—hindi naman kailangang magpatangay sa isang hunghang basta hindi makakanti ang dangal—maaaring mapalaya ang sarili mula sa paniniil ng isang ama. Ano ba kasi ang iniisip niyang ginagawa mo? Hindi ba nasa edad ka na para mag-asawa? At iniisip ba niyang yari ka sa marmol? Sige na, at isa pa—nais kong tulungan ka sa iyong dinidibdib—simula ngayon, Ipinapasan ko ang pagbabantay sa kanyang mga plano at makikita mong may mga surpresa din akong itinatago—pero natatanaw ko na ang iyong ama—pumunta tayo sa likuran at hayaan mo akong magtanghal.

(aalis ang mga babae)

EDUARDO

Minsan ay mainam ding magkunwaring di naririnig ang mga bagay na naririnig nang mainam—at mainam akong nakaligtas sa paghahayag ng damdaming hindi ko pa handang paligayahin. May mas hihigit pa bang pasismo bukod sa kaugaliang nais ipataw sa mga ama, walang mas walang saysay at katawa-tawa ang mapagod sa pagkamal ng dambuhalang kayamanan at ang magpalaki ng dalaga nang buong pag-aalaga at malasakit at kapwa lamang aangkinin sa akin ng mga kamay ng binatang walang anumang ibinabayad sa amin? A hindi, hindi—hinahamak ko ang kaugaliang iyan at plano kong manatiling akin ang aking anak at ang aking kayamanan.

DELILAH

(tumatakbo at nagkukunwaring hindi nakikita si Eduardo) Ay kay malas, Ay anong kahihyan! Ay, kaawa-awang Senyor Eduardo—saan ko kayo masisilayan?

EDUARDO

(sa sarili) Ano'ng sinasabi niya?

DELILAH

(tumatakbo pa rin) Ay! Amang magdadalamhati! Ano ang gagawin mo pag narinig itong balita?

EDUARDO

(sa sarili) Ano kaya iyon?

DELILAH

Ang kaawa-awa kong senyorita!

EDUARDO
(sa sarili) Nadudurog ako.

DELILAH
Ay!

EDUARDO
(hinahabol si Delilah) Delilah.

DELILAH
Anong kamalasan!

EDUARDO
Delilah.

DELILAH
Isang malubhang sakuna.

EDUARDO
Delilah.

DELILAH
Ang napipintong kamatayan!

EDUARDO
Delilah.

DELILAH
(titigil) Ay, senyor!

EDUARDO
Ano iyon?

DELILAH
Senyor!

EDUARDO
Ano'ng problema—

DELILAH
Ang inyong dalaga—

EDUARDO
Ay! Ay!

DELILAH

Senyor, huwag naman kayong humagulgol nang ganyan, pagkat mapapatawa ninyo ako.

EDUARDO

Magsalita ka lang agad kung ganoon.

DELILAH

Ang inyong anak—lubusang nadala ng mga salitang binitawan ninyo sa kanya at ng nakasisindak na galit na nakita niya sa inyo't papunta sa kanya at batbat ng hinagpis—binuksan niya ang bintanang nakatanaw sa may ilog—

EDUARDO

Pagkatapos?

DELILAH

Pagkatapos, habang nakaangat ang kanyang mga mata sa alapaap—"Hindi," sabi niya, imposible pang mabuhay kapiling ang ngitngit ng aking ama—at dahil itinatakwil naman niya ako bilang anak niya—nais ko nang pumanaw."

EDUARDO

At tumalon siya't bumulusok?

DELILAH

Hindi senyor, marahan niyang isinara ang bintana, at tumungo't ihiniga ang sarili sa kanyang kama. Doon siya umiyak nang buong pait, at bigla na lang ang mukha niya'y namutla, tumirik ang mga mata, bumigay ang kanyang puso at nanatili siyang ganoon sa aking mga bisig!

EDUARDO

Ay—ang aking anak!

DELILAH

Sa pamamagitan ng pagkurot sa singit at pagsampal sa pisngi, nagawa kong mabalik siya sa katinuan, pero ang karamdamang ito'y hinahatak siya pabalik sa bawat saglit, at sa tingin ko'y hindi na siya makakatagal nang isang araw.

EDUARDO

Fabian! Fabian! Fabian! Dali, maghanap ka ng mga doktor, maraming doktor! Wala namang sobra sa ganitong sitwasyon. Ay, anak ko, ang aking kaisa-isang dalaga—

Unang Interlude

Magsasayaw si Fabian, ang utusan ni Eduardo, papunta sa pintuan ng apat na doktor. Magsasayaw ang apat na doktor at magiliw na pupunta sa bahay ni Eduardo.

IKALAWANG YUGTO

DELILAH

Senyor, ano ang plano ninyo sa apat na doktor? Hindi ba sapat na ang isa para pumatay ng isang tao?

EDUARDO

Magtigil ka. Mas mainam ang apat na opinyon kesa sa isa.

DELILAH

Hindi ba kaya namang mamatay ng inyong dalaga nang walang tulong sa mga butihing ginoong ito?

EDUARDO

Mga doktor ba ang sanhi ng kamatayan?

DELILAH

Walang duda at may kakilala akong isang lalaki na mapapatunayan ito nang buong katwiran—at hindi mo na kakailanganing magsabi ng—itong si ano at kuwan ay namatay sa lagnat at sa pagbabago ng dibdib, at sa halip ay “namatay siya dahil sa apat na doktor at dalawang parmasyutiko.”

EDUARDO

Tumahimik ka! Huwag mong bastusin itong mga senyores.

DELILAH

Mamatay man ako, senyor, may pusa kaming nakaligtas sa pagtalon mula bubong pababa sa kalsada, at nakaraos siya nang tatlong araw nang hindi kumakain o maigalaw ang kanyang mga paa—pero suwerte na rin na walang doktor sa mga pusa, kundi natapos na agad ang kanyang kuwento—at hindi na rin sana sila mabubulilyaso sa pagpurga at paghiwa sa kanya.

EDUARDO

Tumahimik ka na nga! Sinabihan na kita. Nakakabastos ka na! Heto na sila.

DELILAH

Mag-ingat kayo, talagang marami kayong matututunan. Sasabihin nila sa inyo sa wikang Latin na ang anak ninyo ay may sakit.

(Papasok sina Dr. Enrile, Dr. Honasan, Dr. Aguinaldo, Dr. Lim)

EDUARDO

Bueno, senyores?

DR. ENRILE

Nasuri na naming nang sapat ang pasyente at walang duda, siya’y tadtad ng mga dumi.

Ibig kong sabihin, maraming dumi sa kanyang katawan—mangilan-ngilang mga nabulok na disposisyon.

EDUARDO

A, nauunawaan kita.

DR. ENRILE

Pero, kokunsultahin pa namin ang bawat isa.

EDUARDO

Dali—ikuha mo sila ng mauupuan—

DELILAH

(kay Dr. Enrile) Ay, Senyor, kasali pala kayo dito!

EDUARDO

(Kay Delilah) Paano mo nakilala ang ginoong ito?

DELILAH

Nakita ko siya kasi noong nakaraang araw sa pagbisita sa malapit na kaibigan ng inyong pamangkin.

DR. ENRILE

Kamusta pala ang tsuper niya?

DELILAH

Mabuti naman. Patay na po.

DR. ENRILE

Patay na?

DELILAH

Opo.

DR. ENRILE

Hindi pwede iyon.

DELILAH

Hindi ko alam kung hindi iyon pwede—pero alam na alam kong patay na siya.

DR. ENRILE

Hindi siya pwedeng mamatay, sinasabi ko sa iyo.

DELILAH

Ang sa akin, sinasabi ko sa inyong patay na siya't nakalibing.

DR. ENRILE
Nagkakamali ka.

DELILAH
Nakita ko po ang lamay.

DR. ENRILE
Imposible yan. Ayon sa mga libro ni Hippocrates ang ganoong sakit ay hindi nakamamatay hanggang sa hindi bababa sa katorse o lalampas sa bente unong araw—at nagkasakit siya nitong nakaraang anim na araw lamang.

DELILAH
Hayaan nating sabihin ni Hippocrates ang kanyang nais—pero patay na ang kanilang tsuper.

EDUARDO
Siya, siya, tama na! Huwag nang mag-away! Halina, lumabas na tayo rito. Senyores, nakikiusap akong komunsulta kayo nang maayos sa bawat isa. Kahit hindi nakaugaliang magbayad agad—minsan, para hindi rin malimutan—at para tapos na rin—heto—(mag-aabot sa bawat isa ng pera at makakatanggap ng magkakaibang muwestra bilang tugon)

DR. HONASAN
Kakatwa rin pala ang laki ng Tarlac at kailangan din ng mahabaang biyahe kapag tinawag ng trabaho.

DR. ENRILE
Ako naman ay may sasakyan para sa ganyan, at hindi ninyo mapapaniwalaan ang layo na napupuntahan namin kada araw.

DR. HONASAN
May bagong sasakyan din ako at isa siyang walang kapagurang makina.

DR. ENRILE
Alam mo ba ang dinaanan namin ng kotse ko ngayong araw? Una, pumunta kami sa Aurora—mula Aurora papuntang gitna ng Nueva Ecija hanggang sa dulo ng Angeles—mula dulo ng Angeles patungong Olongapo—mula Olongapo papuntang Zambales, mula Zambales pa-Bulacan, mula Bulacan papunta rito. At mula rito, kailangan kong pumunta naman sa Bataan.

DR. HONASAN
Nagawa rin iyan ng kotse ko—at bukod doon ay pupunta pa ako sa Caloocan para tingnan ang isang pasyente.

DR. ENRILE
Pero maiba ako—saan ka nga ba pumapanig doon sa away nung dalawang doktor, si Dr. Kwak Kwak at Dr. Kaufman? Isa siyang insidenteng humahati sa ating asosasyon.

DR. HONASAN

Sa akin, kampi ako kay Dr. Kaufman.

DR. ENRILE

Ako man. Hindi naman na ang opinyon niya, na nakita naman, ang pumatay sa pasyente—at hindi rin naman nakalalamang si Dr. Kwak Kwak—sigurado iyon—pero kahit na, mali siya sa kaligiran ng mga pangyayari—at hindi rin siya dapat magkaopinyon na iba sa kanyang mga nakatatanda—ano sa tingin mo?

DR. HONASAN

Walang duda. Dapat laging pinapanatili ang mga pormalidad anuman ang mangyari.

DR. ENRILE

Sa akin naman, malademonyo ang pagkastrikto ko, o kung anuman, basta sa pagitan ng mga kaibigan—at pinagsama-sama nila tayo ngayong araw—tayong tatlo—kasama ang doktor na tagaibang lugar—para sa konsultasyon. Pero itinigil ko ang buong proseso at hindi ko matiis ang kahit sinong nagbibigay ng opinyon kung wala naman sa lugar ang mga bagay-bagay—ginawa ng mga nakatira sa bahay ang kaya nila—at nagpatuloy pa rin ang sakit—pero ayokong sumuko—at matapang na pumanaw ang pasyente sa gitna ng argumentong iyon.

DR. HONASAN

Mainam naman talaga ang magturo sa mga tao na mabuhay at ipamalas kung gaano sila katanga.

DR. ENRILE

Ang taong namatay ay patay na tao lamang walang anumang ibubunga—pero ang nakaligtaang pormalidad ay nagdadala ng kapansin-pansing kapahamakan sa mismong praktika ng medisina.

EDUARDO

(papasok) Senyores, lumalala ang paghihirap ng aking dalaga—nakikiusap akong sabihin agad kung ano ang napagtanto ninyo.

DR. ENRILE

Mauna ka, senyor.

DR. HONASAN

Hindi, senyor, magsalita ka kung nais mo.

DR. ENRILE

Nang-aasar ka.

DR. HONASAN

Hindi ako ang unang magsasalita.

DR. ENRILE
Senyor.

DR. HONASAN
Senyor.

EDUARDO
Paumanhin—mga butihing ginoo, lubayan na natin itong mga seremonyas at tingin ko’y napakaselan ng sitwasyon.

(magsasalita ang apat)

DR. ENRILE
Ang sakit ng inyong dalaga—

DR. HONASAN
Ang sama-samang opinyon ng mga senyores.

DR. AGUINALDO
Pagkatapos ng mabusising konsultasyon—

DR. LIM
Ang rason—

EDUARDO
Pakiusap, senyores, huwag magsalita nang sabay-sabay, pakiusap—

DR. ENRILE
Senyor, nasuri na namin ang sakit ng anak ninyo, at sa opinyon ko’y nagmumula ito sa matinding init sa kanyang dugo—samakatwid, hinihikayat kong gripuhan siya sa lalong madaling panahon.

DR. HONASAN
Sa akin naman, ang sakit niya ay pinaghalong mga disposisyong dala ng sobrang daming pagkain, kaya hinihikayat kong painumin siya ng pampasuka.

DR. ENRILE
Ilalaban ko na ikamamatay niya ang pagpapaduwal.

DR. HONASAN
At ikamamatay niya ang pagpapadugo.

DR. ENRILE
Talaga lang ha, para lang pagmukhain mong matalino ka.

DR. HONASAN

Oo, iyan ang opinyon ko at handa akong tulungan ka kung kinakapos ka sa kaalaman.

DR. ENRILE

Natatandaan mo ba ang lalaking napatay mo ilang araw ang nakaraan?

DR. HONASAN

Natatandaan mo ba ang ginang na pinadala mo sa kabilang buhay tatlong araw na ang nakalipas?

DR. ENRILE

(kay Eduardo) Nabahagi ko na ang aking opinyon.

DR. HONASAN

(kay Eduardo) Nabahagi ko na ang aking mga ideya.

DR. ENRILE

Pag hindi natin hiniwa ang anak mo agad-agad, mamamatay siya.

DR. HONASAN

Kung hiwain mo nga siya, hindi siya aabot kahit labinglimang minuto.

EDUARDO

Sino sa dalawa ang paniniwalaan? At anong desisyon ang kukunin mula sa magkalabang mga opinyon? Senyores, tinatawagan ko kayo para magdesisyon sa akin at sabihin nang walang pagkiling kung ano sa tingin ninyo ang pinakamainam na paraan ng paggamot sa aking anak.

DR. AGUINALDO

Senyor—sa ganitong mga usapin, kailangang magpatuloy sa, ay hindi—para makaiwas, walang gawin, sabi nga nila—makiramdam na lang—ang pinakagrabeng kasalanan ay ang maging sanhi ng mapanganib na bunga, sabi nga ng mastrong si Hippocrates.

DR. LIM

Totoong dapat laging mag-ingat sa lahat ng gawain—dahil hindi ito laro-laro—at pag hindi nagtagumpay, hindi madaling kumpunihin ang sira at itaguyod muli ang nadurog na, maingat na mag-eksperimento—iyon nga, isa itong kaso ng katwiran higit sa anupaman—sa maingat na pagtitimbang ng mga bagay-bagay—sa pagtataya sa timpla ng utak ng mga tao—sa pagsusuri sa mga sanhi ng sakit at sa pagsipat ng mga lunas na madadala rito.

EDUARDO

(sa sarili) ang isa’y sa pagpapahirap, at ang isa’y sa pagkilos.

DR. AGUINALDO

Kaya naman, senyor, ang punto, nakikita kong ang anak ninyo'y may matagalang karamdaman at mapapahamak siya kung hindi siya matutulungan—bukod dito, ang sintomas na pinapakita niya ay bakas ng madumi at nakasisirang hangin, na siyang tumutusok sa mga sulok ng utak niya. Itong hanging ito, sa Griyego'y tinatawag nating atmos, ay dulot ng nabubulok na disposisyon na makapit at malapot at nagmumula sa bandang tumbong.

DR. LIM

At habang ang mga disposisyong ito'y naipon sa loob ng mahabang panahon muli't muli nilang pinag-init ang sarili at naluwal itong kabangisang umuusok papunta sa mga rehiyon ng utak.

DR. AGUINALDO

Kaya naman, sigurado, para mailabas sila, mahiwalay, mapalayas, maiadya, maiwanan, itong mga nasabing disposisyon—kailangan ng matinding pagpurga—pero bago tayo magpatuloy, tingin ko'y makatutulong ang paggamit ng mga gamot sa mga tabing-kalye, tulad ng mga maliit na labatiba o paglilinis sa pamamagitan ng tonic o pampaghawang syrup na maaaring ihalo sa kanyang tsa.

DR. LIM

Pagkatapos, dadako tayo sa pagpurga—at sa pagpapadugo, na uulitin natin kung kinakailangan.

DR. AGUINALDO

Hindi naman dahil sa lahat ng ito'y hindi na maaaring mamatay ang inyong dalaga—pero kung anuman ay may nagawa kayo at may pampalubag-loob na malalamang mamamatay siya nang maayos.

DR. LIM

Mas mainam namang mamatay alinsunod sa mga tuntunin kesa makaligtas nang walang pagtatangi sa reglas.

DR. AGUINALDO

Nasabi na namin nang matapat ang aming naiisip.

DR. LIM

At kinausap naming kayo tulad ng pakikipag-usap sa aming sariling kapatid.

EDUARDO

(kay Aguinaldo, pinapahaba ang mga sinasabi) Nakikita ko ang inyong pagpapakumbaba. Salamat. (kay Lim, nabubulol) At habambuhay kong mapapahalagahan ang lahat ng abalang isinagawa ninyo.

(aalis ang dalawang doktor) Narito ako ngayon at bahagyang mas nalito kesa noon. Ay Lucifer! Isang pantasya ang dumapo sa akin. Kailangan kong bumili ng langis-ahas at

ipapainom ito sa anak ko—maraming tao ang may pagtatangi sa lunas na dala ng langis-ahas. Sige!

(sa isang kalsada)

Hola! Senyor—pakiusap, bigyan ninyo ako ng langis-ahas na agad kong babayaran.

TINDERO

(umaawit) Sapat ba ang lahat ng ginto sa lahat ng kabundukang kumukulong sa karagatan para bayaran itong lihim na ubod nang kahalagahan? Itong aking lunas ay nagwawakas sa sakit gamit ang pambihirang gilás—ang sakit na umalis, kung mabilang ay lampas-lampas sa kayang bilangin ng iyong oras.

Ang kati

Ang langib, sugat sa gilagid

Lagnat

Peste't salot

Tulo, sakit ng tuhod

Tigdas

Lumuluhod sa kakaibang lakas ng langis-ahas.

EDUARDO

Senyor, naniniwala man akong walang ginong katumbas ang inyong lunas—narito ang perang ibibigay na bayad, kung kayo'y papaya.

TINDERO

(kumakanta) Sambahin ang langis-ahas at ang kakarampot mong mabubuhát—itong kayamanang ibibigay sa iyo mula sa aking palad—kakayanin mong humarap sa lahat ng karamdamang dulot ng dahas ng kalangitan sa ating lahat.

Ang kati

Ang langib, sugat sa gilagid

Lagnat

Peste't salot

Tulo, sakit ng tuhod

Tigdas

Lumuluhod sa kakaibang lakas ng langis-ahas.

IKALAWANG INTERMISYON

Maraming manlalakbay at mga payaso/pusong, kasama ang mga utusan ng tinderó, ang nagdiriwang sa pamamagitan ng sayaw.

IKATLONG YUGTO

DR. RAMOS

Hindi ba kayo nahihiya, senyores, sa pagpapakita ng napakaliit na malasakit sa mga comanero ninyo at kayo’y nag-aaway pa na parang mga munting hangal? Hindi ba ninyo nakikita ang kasamaang nagagawa sa atin ng ganitong mga pagtatalo sa mundo? At hindi pa ba sapat na ang mga siyentipiko ay malay sa mga tunggalian at paglihis na umiiral sa ating mga awtoridad at mga sinaunang maestro, nang hindi binubuko sa madla sa ating mga pagtatalo at pag-aaway ang karangalan ng ating sining. Sa akin naman, hindi ko lubusang maunawaan itong dakilang pandarambong ng ilan sa ating mga katoto at mahalaga ring amining ang mga argumentong ito ay dumehado sa atin sa isang kakatwang paraan at kung hindi tayo naging maingat ay wawasakin natin an gating mga sarili.

Hindi ako nagsasalita para sa sarili kong interes, dahil Dios mio, sobrang yaman ko—umulan man, bumagyo, magsihulog man ang yelo mula sa langit. Silang mga yumao ay yumao na at ako naman kahit paano’y may magagastos pa para sa mga buhay—pero sa huli lahat ng alitang ito ay hindi nakakabuti sa medisina.

Dahil biniyayaan tayo ng langit sa loob ng maraming dantaon, nananatiling nahuhumaling sa atin ang madla—wag nating *wag* abusuhin ang mga tao sa ating mga marangyang barkadahan at pagkakitaan natin ang kanilang katangahan sa pinakabanayad na paraang kaya natin.

Hindi lang naman tayo ang sumusubok mangibabaw sa kahinaan ng tao. Kalakhan ng daigdig ang nakapagtanto niyan at bawat isa ay puwersadong hulihin ang mga tao sa kanilang mga kahinaan upang makahatak ng kung anong kita. Silang mga sipsip, halimbawa, humahanap ng kita mula sa pag-ibig ng tao na idolohin, sa pamamagitan ng pagbibigay sa lahat ng banidosong papuring nais ng iba at ang lahat ng ito’y isang pagtatanghal—na magbubunga naman sa kanilang nahahakot na yaman. Ang mga alchemist ay sumusubok kumita mula sa pagnanasa sa karangyaan sa pamamagitan ng pagsumpa ng bundok-bundok na ginto sa kung sinong makikinig sa kanila. At ang mga tagabasa ng horoscope, sa kanilang mapanglokong panghuhula, ay kumikita mula sa mga layaw at ambisyon ng mga uto-utong kaluluwa. Ngunit ang pinakadakilang kahinaan ng tao ay ang pag-ibig na mayroon sila para sa pananatiling buhay at kumikita tayo mula roon, sa tulong ng ating mapagmataas at mabulaklak na mga dila at kaalaman kung paano gamitin ang benerasyong binibigay sa ating propesyon ng takot sa kamatayan. Panatilihin natin ang antas ng dangal na niluluklok ng kanilang kahinaan at umarte nang ayon sa mga nakapaligid na pasyente upang maikabit sa ating mga sarili ang masayang kalalabasan ng sakit at para ihagis sa kalikasan ang mga kapalpakan ng ating sining. Huwag tayong, at ididiin ko ito sa inyo, huwag tayong magpakatanga’t wasakin ang positibong pagkiling sa isang pagkakamaling magbibigay-dunong sa maraming tao.

DR. ENRILE

Tama kayo sa lahat ng inyong sinabi—pero may mga kulo ng dugong minsan ay hindi sarili ang nangingibabaw.

DR. RAMOS

Kung gayon ay halina, senyores, isantabi ang mga hinanakit at magkasundo na tayo dito.

DR. HONASAN

Sang-ayon ako. Hayaan lang ninyo akong ibigay ang pampasuka sa pasyenteng nangangailangan nito at hayaan ko naman siyang gawin ang gusto niya sa unang pasyenteng mahahawakan niya.

DR. RAMOS

Wala nang pahayag na mas patas at iyan nga ang paraan para ayusin ang mga bagay-bagay.

DR. HONASAN

Ayos na.

DR. RAMOS

Sige, hanggang sa muli—paalam. Sa susunod, dagdagan ang bait.

(Aalis si Ramos)

DELILAH

(papasok) Ayan! Andyan naman pala kayo, senyores, at hindi ninyo inaasikaso kung paano aayusin ang pagkakamaling nagawa sa medisina!

DR. ENRILE

Ano'ng ibig mong sabihin? Ano'ng nangyari?

DELILAH

Isang hangal na makapal ang mukha ang nanghimasok sa inyong propesyon at kahit hindi ninyo inutusan ay nakapatay ng isang lalaki sa pamamagitan ng pagsaksak sa kanya ng espada!

DR. ENRILE

Ikaw, nagtatanghal ka ngayon bilang tagahamak pero babagsak ka rin sa aming mga kamay balang araw—

DELILAH

Papahintulutan ko kayong patayin ako kung sakaling kayo na lang ang aking matatakbuhan.

(aalis ang mga doktor)

JUAN

(papasok na nakabihis na parang doktor) Bueno, Delilah—gusto mo ba ang ayos kong ito?

DELILAH

Ang pinakamaayos sa buong mundo at kanina pa kita inaabangan, at ayun nga, hinubog ako ng kalikasan na maging pinakamakataong tao sa mundo at hindi ko matitiis na makitang ang dalawang mangingibig ay hagilapin ang bawat isa nang hindi nahuhulog sa isang mapagkalingang debosyon at kasama ng matinding pagnanasang ibsan ang pinagdaraanang nilang pagdurusa. Anuman ang kapalit, balak kong paalpasin si Kristiana sa pasismong kumukulong sa kanya't ilagay siya sa iyong kapangyarihan—isa kang karaniwang mamamayang gaya ko, at pinasaya mo na ako sa una pa lang. May mga nakilala na ako at tiyak kong walang ibang mas mainam na desisyon ang aking senyora maliban sa iyo.

Isinusugal ng pag-ibig ang mga pambihirang bagay at nagkasundo kami sa isang anyo ng plano na maaaring maging tagumpay para sa ating lahat. Nagawa na naming ang lahat ng hakbang. Ang lalaking kalaban natin ay hindi isa sa mga pinakamatalinong tao sa daigdig—at kung pumalya itong pakikipagsapalaran, hahanap tayo ng libu-libong ibang paraan—para makarating sa paroroonan. Maghintay ka sa akin doon, mag-isa lang ha, at babalik ako para sunduin ka.

(magtatago si Juan sa likod ng entablado)

DELILAH
Senyor! Hallelujah! Hallelujah!

EDUARDO
Ano iyon?

DELILAH
Magdiwang!

EDUARDO
Para saan?

DELILAH
Magdiwang, sinasabi ko sa inyo!

EDUARDO
Sabihin mo kung ano iyon at marahil magdiriwang ako.

DELILAH
Hindi, nais kong magdiwang kayo ngayon na—kaya umawit kayo at sumayaw.

EDUARDO
Para saan?

DELILAH
Para sa aking mga salita!

EDUARDO

Hay sige na nga.

(magsasayaw at kakanta) la, la, la, ay Lucifer!

DELILAH

Senyor, magaling na ang anak ninyo!

EDUARDO

Magaling na ang anak ko!

DELILAH

Opo, ipapakilala ko sa inyo ang isang doktor, pero isang doktor na ubod ng halaga, siyang nakagawa ng mga pambihirang lunas at hinahamak ang ibang mga doktor.

EDUARDO

Nasaan siya?

DELILAH

Papapasukin ko siya.

EDUARDO

Kailangan nating makita kung itong doktor na ito'y mas mainam sa iba.

DELILAH

(babalik kasama si Juan) Narito na po siya.

EDUARDO

Isa siyang doktor na may masigabong balbas.

DELILAH

Hindi naman nasusukat ang agham ng kapal ng balbas—at hindi naman sa baba ang batayan ng kanyang kakayahan.

EDUARDO

Senyor, sinasabi nilang may mga pambihira kang gamot upang palayain ang mga sama ng loob.

JUAN

Senyor, ang aking mga gamot lumilihi sa ginagamit ng iba. Mayroon silang mga pampasuka, pampadugo, pildoras at mga labatiba, ako naman, nangagamot ako gamit ang mga salita, mga tunog, mga titik—mga talisman at singsing na nasa impluwensya ng mga konstelasyon.

DELILAH

Hindi ba kakaiba?

EDUARDO

Isa siyang pambihirang nilalang.

DELILAH

Senyor, nakabihis na po ang dalaga ninyo sa may upuan, yayakagin ko siyang pumunta dito.

EDUARDO

Sige, gawin mo iyon.

JUAN

(habang pinupulsuhan si EDUARDO) may malubhang sakit ang inyong dalaga.

EDUARDO

Nalaman mo iyan dahil lang dito?

JUAN

Opo, mula sa simpatyang taglay ng ama para sa anak niya.

DELILAH

(dala-dala si Kristiana)

(Kay Juan) Halika, senyor, may upuan sa tabi niya.

(kay Eduardo) Halina, iwanan muna natin sila.

EDUARDO

Bakit, gusto kong manatili dito.

DELILAH

Magmamasid kayo? Kailangan nating humiwalay. Ang doktor ay may sandaang tanong na dapat tanungin pero hindi dapat marinig ng karaniwang tao. (lalayo sina Eduardo at Delilah)

JUAN

(kay Kristiana) Ay, senyora, anong kaluwahatian itong nadarama sa aking sarili. At kung anong liit ng nababatid ko sa kung paano magsimulang makipag-usap sa iyo. Ako, isang hamak na magbubukid. Bago ang ating sandali, kinakausap lamang kita ng aking mga titig—dala-dala ko, o parang ganoon dati, may sandaang mga bagay na nais sabihin—at ngayong may kalayaan akong kausapin ka sa paraang gusto ko—Nananatili akong timang at ang sinasakal ng matinding ligayang nadarama ang aking mga salita.

KRISTIANA

Ganoon din ang kaya kong sabihin sa iyo at nararamdaman ko, tulad mo, ang mga kabog ng ligayang pumipigil sa aking makapagsalita.

JUAN

O senyora, Lubos akong liligaya kung tunay ngang nararamdaman mo ang nararamdaman ko—at napahintulutan akong tasahin ang iyong kaluluwa katabi ng sa akin! Ngunit senyora, maaari bang isipin ko man lang na sa iyo ko utang itong pag-iisip ng masayang planong nagdulot sa akin ng kaligayahan sa iyong piling?

KRISTIANA

Kung di mo man utang sa akin itong ideya, nagkautang ka man lang sa akin dahil sa pagtugon sa panawagan nang buong saya.

EDUARDO

(kay Delilah) sa akin lang naman, parang masyado siyang malapit kung makipag-usap sa kanya.

DELILAH

(kay Eduardo) Para naman maobserbahan niya ang mga hubog at lahat ng katangian ng kanyang mukha.

JUAN

(Kay Kristiana) Magiging tuluy-tuloy ka kaya, senyora, sa lahat ng kabutihang ipinapamalas mo sa akin?

KRISTIANA

At ikaw—magiging matatag ka ba sa mga desisyong ginawa mo?

JUAN

Ay, senyora, hanggang kamatayan. Wala akong ibang nais maliban sa makasama ka—at ipapakita ko ito sa kung ano ang makikita mong gagawin ko.

EDUARDO

(kay Juan) Bueno—ang pasyente? Mukhang umaaliwalas siya nang bahagya.

JUAN

Dahil iyan sa iginawad ko na sa kanya ang una sa mga lunas na ipinapamalas ng aking sining. Pagkat ang isip ay may dakilang imperyo sa buong katawan—sa pagkadakila’y may mga sakit na ibunubunga ito—ang aking gawain ay gamutin muna ang isip bago tumungo sa katawan—naobserbahan ko na ang kanyang itsura, ang mga marka sa kanyang mukha at mga guhit sa palad at sa pamamagitan ng siyensyang handog ng kalangitan sa akin, Napagtanto kong ang isip nga ang nagdulot ng kanyang sakit, at na ag lahat ng sakit niya ay nagmumula lamang sa isang wala sa ayos na imahinasyon, mula sa pinagkait na pagnanasang maipakasal. Sa akin naman, wala rin akong nakikitang mas magastos at mas kahamak-hamak bukod dito sa kahilingang ipakasal.

EDUARDO

(sa sarili) Isa siyang matalinong nilalang.

JUAN

At ako man ay may taglay—at tataglayin, sa buong buhay ko—ang isang nakaririmarim na pandidiri para rito.

EDUARDO

(sa sarili) Isa siyang mahusay na doktor.

JUAN

Pero bilang isang may pangangailangang sundin ang layaw ng kanyang mga pasyente, at sa nakita ko sa kanyang pagkawala ng katinuan, at kahit pa wala namang kapahamakan sa pagbibigay sa kanya ng agarang lunas—Napasok ko siya sa kanyang mga kahinaan at sinabi kong dumating ako para hilinging maikasal sa kanya. Bigla na lang nagbago ang kanyang mukha—lumiwanag ang kanyang balat—nabuhay ang kanyang mga mata at kung nais nga ninyo, kahit ilang araw upang makumpirma sa kanya itong kahinaan, makikita ninyong mahuhugot siya nito mula sa kung nasaan siya ngayon.

EDUARDO

Oo—iyon naman ang totoong gusto ko.

JUAN

Mamaya, gagamit tayo ng ibang panggamot para magbigay-lunas nang lubusan sa kanyang pantasya.

EDUARDO

Oo, iyo ang pinakamainam na bagay sa buong mundo. Bueno! Aking anak, narito na ang ginoong nagnanais kang pakasalan at sinabi ko namang gustong-gusto ko rin iyon.

KRISTIANA

Aba—posible nga kaya?

EDUARDO

Oo.

KRISTIANA

At walang anumang sama ng loob?

EDUARDO

Oo naman,

KRISTIANA

(kay Juan) Ano—sa tantiya mo ba’y gusto mong maging asawa ko?

JUAN

Opo, senyora.

KRISTIANA

At pumapayag ang ama ko dito?

EDUARDO

Oo, aking anak.

KRISTIANA

Ay, lubos kong ikasasaya kung naging totoo yan.

JUAN

Wag kang magduda, senyora. Hindi ngayon lang nagsimula ang pag-ibig ko at ako'y kilig na kilig nang makita ang sarili ko bilang asawa mo. Iyon lamang ang ipinunta ko— at kung gusto mong sabihin ko sa iyo ang tunay na lagay ng mga bagay-bagay, ako'y isang hamak na magsasaka at ang kasuotang ito'y isang inimbentong bihis lamang. Nagkunwari lang ako bilang doktor para malapit sa iyo at makuha ang aking hinihiling.

KRISTIANA

Ito nga ang nagbibigay ng mabuting patunay ng pag-ibig at nadarama ko ito sa lahat ng aking kayang maramdaman.

EDUARDO

(sa sarili) Hay—baliw na dalaga—baliw na dalaga—baliw na dalaga.

KRISTIANA

Ama, talaga bang intensyon mong ibigay ako sa ginoong ito bilang asawa niya?

EDUARDO

Aba'y oo, sige halika—ibigay mo ang kamay mo. Amina't nang makita mo.

JUAN

Pero senyor.

EDUARDO

(matatawa) Naku hindi, para ito—para pakalmahin ang isip niya, makipagkamay! Hayan, tapos na.

JUAN

Tanggapin bilang patunay ng aking katapatan itong singsing, na ibinibigay ko sa inyo (yuyuko kay Eduardo) Isa itong espesyal na singsing na nanggagamot sa mga naliligaw na utak.

KRISTIANA

Pumirma na tayo ng kontrata para wala nang kulang.

JUAN

Oo, hiling ko rin iyan, senyora. (yuyuko kay Eduardo) dadalhin ko ang lalaking nagsusulat ng aking mga preskripsyon at kukumbinsihin ko siyang notaryo iyon.

EDUARDO
Napakainam.

JUAN
Perdon—pakitawag ang notaryong kasama ko.

KRISTIANA
Ano? May isinama kang notaryo?

JUAN
Oo, senyora.

KRISTIANA
Ako’y nasa rurok ng ligaya!

EDUARDO
Hay—sira ulo—sira ulo!

(papasok ang notaryo)
(bubulong si Juan sa notaryo)

EDUARDO
(sa notaryo) Sige senyor, mahalagang makabuo ng kontrata para sa dalawang mangingibig dito. Sige. Sulat! (magsusulat ang notaryo) Heto—gawin mo ang kontrata. Bibigyan ko siya ng dalawampung libong piso para sa kasal. Isulat mo ‘yan.

JUAN
Dalawampung libo at ang mga lupang sinasaka, ibigay sa mga magsasaka.

EDUARDO
Ibigay sa magsasaka?

JUAN
Ang kasal ay hindi pagkulong, kundi kalayaan, kalayaan para sa lahat ng nasasakupan! (kay Eduardo) ito naman ay kunwa-kunwarian lang.

EDUARDO
(kay Juan) Tama, kunwa-kunwarian. (sa notaryo) Tama, pera at lupa, ibigay sa mga nasasakupan. Ang mga alipin at utusan, palalayain at bigyan ng perang madadala nila sa kanilang paglisan! (kikindat kay Juan)

KRISTIANA
Malaki ang utang na loob ko sa iyo, ama.

NOTARYO

Hayan—tapos na—kailangan na lang ninyong lumagda.

JUAN
Mabuti naman.

EDUARDO
Ay hindi, sa akin ang kabutihan sinasabi ko sa iyo.
(sa notaryo) Bigyan mo ako ng panulat para makapirma.
(kay Kristiana) Halika—pirma, pirma, pirma—halika, pipirma ako pagkatapos mo.

KRISTIANA
Hindi, ayoko—gusto kong mauna kayo bago isakamay ang dokumento.

EDUARDO
Bueno, heto! (pagkatapos pumirma) Masaya na kayo?

DELILAH
Higit pa sa naiisip ninyo.

JUAN
Kung anuman, hindi lamang ako naghanda at nagdala ng notaryo—nagsama rin ako ng mga mang-aawit at instrumento para ipagdiwang ang kasal at ipagbunyi kami—papasukin sila—sila ang mga katotong isinama ko para patahimikin ang mga problemadong isip sa tulong ng kanilang pagsasanib-tinig.

(Papasok sina Halakhalk, Indayog at Tugtog)

ANG TATLO
Kung kami ang mayamot, sakit sa tao ang idudulot—pagkat kami—kami ang mga tunay na manggagamot.

HALAKHAK
Kung nais iadya sa banayad na paraan
Mga hangin sa tumbong at sakit ng katawan
Si Hippocrates ay kalimutan
At kami ang inyong puntahan!

ANG TATLO
Kung kami ang mayamot, sakit sa tao ang idudulot—pagkat kami—kami ang mga tunay na manggagamot.

(habang tumutugtog, magsasayaw si Halakhak at ang iba pa niyang kasama)

EDUARDO
Isang napakainam na paglunas sa karamdaman! Teka, ang dalaga ko at ang doktor, nasaan?

DELILAH

Sa kanilang pulot-gata, La Luna Del Miel—ano pa ba ang pupuntahan pagkatapos ng kasal?

EDUARDO

Ano ang sinasabi mo, anong kasal?

DELILAH

Ang sinasabi ko, senyor—na niluto ka sa sarili mong mantika at isang katotohanan ang inakala mong haka-haka.

EDUARDO

Hay Lucifer! (hahabulin niya sina Juan at Kristiana pero mapipigilan sya ng mga mananayaw) Pakawalan ninyo ako, pakawalan ninyo ako, sinasabi ko sa inyo! (pipigilan siya ng mga mananayaw) Ano ba? (pipilitin nilang magsayaw si Eduardo) A, pesteng madla!

